(english edition: www. verbuhaymagasin.com)

VERBUHAY

GABAY SA BIBLE SHARING

IKA-31 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHON (B) • NOBYEMBRE 4, 2018

# Magmahalan Kayo!

(*Pambungad na Panalangin*)

## I. ANG TATLONG PAGBASA

**UNANG PAGBASA** (Dt 6:2-6)

2SINABI ni Moises sa mga tao: "Matakot kayo sa Panginoon, ang inyong Diyos, at sundin ang lahat ng kanyang mga utos at mga tuntunin habang kayo'y nabubuhay. Kung ito'y susundin ninyo, hahaba ang inyong buhay. 3Kaya nga, dinggin ninyo ito at sunding mabuti. Kung magkagayo'y mapapanuto kayo, at lalaki ang inyong lahi pagdating ninyo sa lupaing sagana sa lahat ng bagay.

4"Dinggin mo, Israel: Ang Panginoong ating Diyos ay siya lamang Panginoon. 5Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso, kaluluwa at lakas. 6Ang mga utos niya'y itanim mo sa iyong isip."

Tema: **Pagsunod ng mga Utos**

**PAGPAPALIWANAG**

• Ang pambungad na mensahe ay, " Matakot kayo sa Panginoon!" (b.2). Ito ang nauna at sumunod ang pagsunod ng mga Utos.

• Ang pagsunod sa kanyang mga utos ay 24/7. Walang *break* o *time-out* (bakasyon) muna sa Utos.

• Sa bb. 2-3, inilahad ang mga dahilan bakit tuparin ang mga Utos:

- hahaba ang inyong buhay (b. 2)
- lalaki ang inyong lahi (b.3)
- darating sa lupaing sagana sa lahat ng bagay (na ipinangako)

• Inuulit ng b. 4 ang b. 3: Dinggin Mo, Israel"

• Inilalahad ng b. 4 ang kautusan ng Diyos at ang mga katangian na dapat ipapairal nito: buong puso, buong kaluluwa, buong lakas.

## PAGNINILAY

Diyos ang pinagmulan ng batas.

Lubus-lubosan na inaasahan niya sa atin ang pagpapatupad ng mg utos na ito.

Hindi lang basta basta ang pagpapatupad nito.

Hindi natin pinipili lang ang mga utos na sinusunod.Lahat ay seseryosohin.

Ang pangako ng Diyos ay masagana at siksik-liglig: mahabang buhay, angkan, kayamanan o ari-arian.

Idinidiin ng Diyos ang pagpapatupad ng kanyang mga Utos.

Nagbibigay ng buhay at kasaganahan ang kanyang mga Salita (pinakadakila).

Makamit natin ang kanyang mga pangako kung tinutupad natin ang mga utos ng Diyos.

Ang paglabag (sumusuway at hindi sinasapusong pagsusunod)= maiksi na buhay, walang lupain, walang kasaganahan.

.

## SALMONG TUGUNAN (Slm 17)

**POONG AKING KALAKASAN, INIIBIG KITANG TUNAY.**

## IKALAWANG PAGBASA (Heb 7:23-28)

[23]MGA KAPATID, dati, sa Matandang Tipan, maraming saserdote ang naghahali-halili, sapagkat namamatay sila at hindi nakapagpapatuloy sa panunungkulan. [24]Ngunit si Hesus ay buhay magpakailanman, at hindi siya mahahalinhan sa kanyang pagkasaserdote. [25]Dahil nga riyan, lubusan niyang maililigtas ang lahat ng lumalapit sa Diyos sa pamamagitan niya, sapagkat siya'y nabubuhay magpakailanman upang mamagitan para sa kanila.

[26]Si Hesus, kung gayon, ang Dakilang Saserdoteng makatutugon sa ating pangangailangan. Siya'y banal, walang kapintasan o kasalanan, nahihiwalay sa mga makasalanan at mataas pa kaysa sangkalangitan. [27]Hindi siya katulad ng ibang mga dakilang saserdote na kailangang maghandog ng mga hain araw-araw, una'y para sa sarili nilang kasalanan, at pagkatapos, para sa kasalanan ng mga tao. [28]Minsang naghandog si Hesus—at iya'y pangmagpakailanman—nang ihandog niya ang kanyang sarili. May mga kahinaan ang mga dakilang saserdoteng hinirang ayon sa Kautusan; subalit ang saserdoteng hinirang na may panunumpa ay ang Anak, banal magpakailanman. At ang panunumpa ng Diyos ay huling dumating kaysa Kautusan.

Tema: **Ang Pagkapari ni Kristo**

## PAGPAPALIWANAG

• Walang hangganan ang pagkapari ni Kristo. Hindi na kailangan ang iba pang mga pari (b. 23).
• Pari magpakailanman si Hesus (b. 24), nagliligtas, palagiang tagapamagitan natin (b. 25).
• Hindi na kailangang palitan siya dahil hindi siya namamatay.
• Si Hesus, bilang pari ay banal, inosente, walang bahid na kasalanan; ang pari sa Lumang Tipan ay kabaligtaran (b. 27).
• Ang pari sa ilalim ng Torah (Turo) ay hindi perpekto. Si Hesus na hindi napapailalim sa batas o Torah ay perpekto (b. 28)

## PAGNINILAY

Pinagpatuloy ng pagbasa ang pagninilay ng may-akda tungkol sa pagkapari ni Kristo.

Ang kanyang pamamaraan ay mabunga.

May tibay ang kanyang gawain (minsan lang ngunit para sa lahat at sa lahat nang panahon.

Hindi paulit-ulit.

Ang gawa niya ay nagdulot ng kaligtasan.

Iisa at walang kapares ang kanyang pagkapari (Hindi katulad sa Lumang Tipan na ang mga pari ay namamatay).

Binibigyan ng diin ang walang kapantay na pagkapari ni Kristo, na hindi nagagaya, hindi kopya sa mga nagdaan.

## MABUTING BALITA (Mc 12:28b-34)

[28b]NOONG panahong iyon, lumapit ang isa sa mga eskriba kay Hesus at tinanong siya, "Alin pong

utos ang pinakamahalaga?" [29]Sumagot si Hesus, "Ito ang pinakamahalagang utos, 'Pakinggan mo, Israel! Ang Panginoon na ating Diyos—siya lamang ang Panginoon. [30]Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso, nang buong kaluluwa, nang buong pag-iisip, at nang buong lakas. [31]Ito naman ang pangalawa, 'Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili.' Wala nang ibang utos na hihigit pa sa mga ito." [32]"Tama po, Guro!" wika ng eskriba. "Totoo ang sinabi ninyo. Iisa ang Diyos at wala nang iba liban sa kanya. [33]At ang umibig sa kanya nang buong puso, buong pag-iisip, at buong lakas, at ang umibig sa kapwa gaya ng kanyang sarili ay higit na mahalaga kaysa magdala ng lahat ng handog na susunugin, at iba pang mga hain." [34]Nakita ni Hesus na matalino ang kanyang sagot, kaya't sinabi niya, "Malapit ka nang mapabilang sa mga pinaghaharian ng Diyos." At wala nang nangahas magtanong kay Hesus mula noon.

Tema: **Ang mga Utos na Umibig**

**PAGPAPALIWANAG**

- Ang bb.28-31 ay nagsasaad ng mga utos na umibig.
- Ito ay may dalawang direksyon: Pataas "Ibigin ang Panginoon," b.30 (mula sa Dt 6,4-5) at Pababa "Ibigin ang kapwa gaya ng pag-ibig sa sarili, b.31" (mula Lv 19,18)
- Ang mga utos ay nangangailangan ng de kalidad na pag-ibig sa Diyos at sa kapwa (buong puso, isip at gawa)
- Upang mahalin ang kapwa, kailangang iturin mo silang iyong sarili.
- Sa bb. 32-33 ay inuulit ang sinabi ni Hesus at may karagdagan pa na "mas mahalaga pa kaysa lahat na mga alay."
- Ang pagmamahal ay mas mahalaga kaysa mga ritwal lang.

**PAGNINILAY**

Ang umibig bilang utos ng Diyos ay nagpapawalang bisa sa konsepto na magmamahal lang tayo pag gusto natin o kaya dahil gusto natin ang Diyos at ang ibang kasama natin.

Ang Pagmamahal ay dakilang utos ng Diyos. Hindi lang ito nakabatay sa romantisismo o kaya emosyon… ito ay banal na utos.

Wala tayong iba pang pagpipilian; kailangan nating mahalin ang Diyos at ang kapwa.

Buong puso ang ating pagmamahal; hindi ito nahahati. Ito ay puro, 100%, walang itinatago, atbp.

Hindi totoo ang pag-ibig na hindi pinaghihirapan; walang pag-ibig na hindi binibigyan ng panahon at pag-aaruga.

Hindi rin maaaring nagmamahal ka at hindi mo inaalagaan ang iyong sarili. O kaya wala kang respeto sa sarili, walang paniniwala sa sarili, walang pagkilala sa sarili.

Pag-ibig sa Diyos at sa kapwa ay mas mahalaga kaysa panalangin (banal na alay), mga nobena, prosesyon at iba pang mga ritwal.

Mas ikinalulugod pa ng Diyos ang pagmamahal kaysa mga gawaing espiritwal or relihiyoso na hindi naman tumutugon sa hangarin ng katarungan ng Diyos at ng ating kapwa.

## II. PAG-UUGNAY

Ang Unang Pagbasa ay tungkol sa pagpapatupad ng mga Utos (***Shema Israel!***).

Ang Ikalawang pagbasa ay tungkol sa Kristo bilang pinakamataas at iisang Pari, hindi nasasakop sa Torah (Ang mga utos ni Moises).

Ang Mabuting Balita ay tungkol sa Utos na Magmahal, katulad ng Unang Pagbasa.

## III. SALAMIN NG BUHAY

1. Sa panahon ng *inflation*, paano natin maipadama ang ating pag-ibig sa kapwa?

2. Marami ba na mga politikong tatakbo sa susunod na Mayo (2019) ang nangangakong ibigin nila ang Diyos at ang kanilang kapwa? Paano nila maipakikita ang totoong malasakit sa kapwa at pag-ibig sa Diyos?

3. Upang maipamalas ang tunay na pag-ibig sa Diyos at sa kapwa, bakit kailangan natin maging mabuting tagapagmasid sa kapanahonang ito?

***- Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan, OFM***
-Isinalin ni Br. Hansel Mapayo, SSP

***SEASONALS 2019***
ng ST PAULS






### PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

*Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara nang sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.*

**Kung nais po ninyong makatulong sa ating *Biblical Apostolate*, maari pong mag*donate* ng *legal size* na *bond paper* sa:**

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City
Tels: 895-37-16; 890-7130

### PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatan dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.
*Luwalhati...* (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)